Buong Teksto

BAKIT MATAGAL ANG SUNDO KO?

Handog sa inyo ng Arete at Ateneo Basic Education, katuwang ang Adarna House, Bakit Matagala ang Sundo ko?, kuwento ni Kristine Canon at babasahin para sa tin nina Lulu Quijano at Ven Vinluan.

"Kriiiing-kriiiing-kriiiing"

Haaay, salamat, tapos na ang klase, puwede na kaming umuwi!

Mabilis kong niligpit ang aking gamit para makapila ako agad palabas.

Ang ingay ng sabay-sabay na pag-ikot ng mga gulong ng mga stroller namin.

At ang lalakas ng boses ng mga kaklase ko habang nagpapaalaman. Nagtakbuhan kami para salubungin ang mga nanay at tatay namin sa labasan.

Siguradong nandiyan na si Nanay! Dumeresto ako sa bangkô kung saan laging naghihintay si Nanay.

Laking gulat ko nang makita kong wala pa si Nanay sa bangkô!

Nanlaki ang mga mata ko. Kinabahan ako. Pero bago ako maiyak, sinabi ko sa aking sarili na hindi ako dapat matakot.

Sinubukan kong hanapin si Nanay sa nagkakanda dikit-dikit na mukha ng mga magulang sa labasan. Sa dami ng nanay at tatay rito, talagang nakalilito! Pinalaki ko ang mga mata ko para hanapin si Nanay. Pero di ko siya makita.

Wala akong magawa kundi umupo sa bangkô katabi ng aking bag at baunan. Unti-unting nabawasan ang mga batang naghihintay at mga magulang na sumusundo. Ilang kaklase ko na at kanilang mga stroller ang dumaan, pero wala pa rin si Nanay. Lahat ng bata ay nasundo na, maliban sa akin.

"O, maghintay ka lang dito, ha. Natrapik lang siguro ang nanay mo," ang sabi ng guwardiya sa labasan. Kaya naghintay nang naghintay nang naghintay ako. Halos paikot-ikot na ako sa bangkô. Pero wala pa rin si Nanay. Ano kaya ang nangyari kay Nanay?

Baka nasiraan ng saksakyan si Nanay! Halos mapatalon ako sa kinauupuan ko nang maalala kong may sira pala ang sasakyan namin. Siguradong naghahanap pa si Nanay ng paraan para masundo ako!

Siguro. . . sumakay siya sa isang pagong. Maliit at mabagal ang hakbang nito kaya ang tagal-tagal bago ako masundo.

Pero, alam kong magmamadali si Nanay kasi sabik na rin siyang makapiling ako! Hindi siya aasa sa isang pagong.

Siguro. . . sa isang elepante siya sumakay! Higante ang mga hakbang nito at kaya siguradong mas mabilis niya akong masusundo.

Pero, hindi kakasiya ang elepante sa daan na may napakaraming sasakyan!

Siguro, matagal pa talaga bago ako masundo.

Siguro. . . isang agila ang kinaibigan ni Nanay. Mabilis silang makalilipad para masundo ako.

Pero, di kaya lalong magtagal si Nanay sa paghahanap sa akin?

Masyadong mataas ang lipad ng agila. Puro ulap, bilding, at tuktok ng puno lang ang makikita niya. DI niya matatanaw ang aking pagkaway.

Siguro. . . nakipagsabayan si Nanay sa mga unggoy na naglalambitin mula sa isang puno papunta sa isa pa. Ay! Sandali lang ay nandito na siya! Pero, oras na sa puno ng saging sila kumapit, hindi na ipagpapatuloy ng mga unggoy ang pagsabit-sabit. Siguradong matatagalan si Nanay sa pagdating.

Siguro. . . naisip ni Nanay na makiangkas sa likod ng isang balyena.

Sisisid sila sa malalim na dagat hanggang ako'y marating.

Pero, sa gitna ng karagatan matatagpuan ang balyena at di nito kayang lumangoy sa mababaw na baybayin. Naku! Matatagalan si Nanay sa pagsagwan papunta sa akin.

Hay, Nanay! Paano mo nga ba ako susunduin?

Napagod ako sa kaiisip. Isang malalim na buntong-hininga sabay ngalumbaba ang tangi kong nagawa.

Lalong napakunot ang noo ko sa aking mga naisip.

Siguro, di na niya ako mahal.

Siguro, napagod na siya sa pagsundo sa akin araw-araw.

Siguro. . .

Hindi ko na napigilan ang pagluha ko. Sumikip ang aking dibdib.

Hindi ako makahinga. Itinago ko na lamang ang nalugi kong mukha sa aking mga kamay, nang biglang. . .

"Nanay! Buti dumating ka. Akala ko nilimot mo na ako."

"Maari ba ktiang makalimutan, e ikaw ang pinakamahalaga sa akin?" ang amò ni Nanay, sabay yakap sa akin.

"Nasiraan ka ba ng sasakyan Nanay?

"Hindi, natrapik lamang ako sa haywey."

Napawi ang lungkot at luha ko at napalitan ng ginhawa't tuwa.

Tama nga apala ang guwardiya. Natrapik lang si Nanay.

***

Pinagkuhanan: Bakit Matagal Ang Sundo Ko?. Kristine Canon. Adarna House. 2000.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of the Fly
The Snail and the Dear

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes:

Ang Pitong Tanga

Tahanan Books:

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwenton-bayan

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
D Cortezano	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ	*Vice President for Basic Education*

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Pia Christina M. Navarette	*Kinder Level Coordinator*
Carmella T. Nazario	*Grade 1 Level Coordinator*
Maria Lourdes M. Quijano	*Assistant Teacher*
Venice Faye V. Vinluan	*Assistant Teacher*
	(Voice Actors for the Episode)

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*